# Bakunang mula sa Tao, para sa Tao: Mga Proseso at Bunga ng Pag-oorganisang Pampamayanan sa Bakunahan sa UP Diliman

*Vaccination by the People, for the People: Processes and Outcomes of Community Organizing in the Bakunahan sa UP Diliman*

**ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ**
Departamento ng Aralin sa Sining, Unibersidad ng Pilipinas Diliman
rmhernandez1@up.edu.ph

**JOSE MONFRED C. SY**
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman
jcsy3@up.edu.ph

**ABSTRAK**

Dahil sa pananaw ng pamahalaan na isang digmaan ang pandemyang COVID-19, isa ang Pilipinas sa may pinakamahaba at pinakamalupit na lockdown sa buong mundo. Pinagdedesisyunan ang mga estratehiya mula sa itaas pababa at ipinapataw ang mga polisiya nang walang konsultasyon sa mga mamamayan. Sa harap ng maraming pagkukulang ng gobyerno, kinuha ng mamamayan ang oportunidad na mag-organisa ng sari-sarili nilang tugon sa pandemya tulad ng Community Pantry, volunteer groups, at relief operations.

Isa pang halimbawa ng pag-oorganisang pampamayanan sa panahon ng pandemya ang Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Bukod sa kapos na ayuda para sa mga komunidad, naging makupad din ang rollout ng bakuna sa bansa. Bílang tugon dito, nag-organisa ang komunidad ng UP ng isang vaccination center na una'y tinarget mabakunahan ang kawanihan ng pamantasan ngunit kinalauna'y naging bukás sa mga residente ng Lungsod Quezon.

Isinasadokumento ng pag-aaral na ito ang pag-usbong, pagpapagana, at pag-unlad ng Bakunahan sa UP Diliman. Nakasalalay ang deskriptibong pag-aaral sa balangkas ng pag-oorganisang pampamayanan na "mula sa tao, para sa tao" ni Angelito Manalili. Bukod sa pagsusuri ng mga opisyal na dokumento mula sa proyekto, humahalaw rin kami sa sariling karanasan bilang mga organisador

sa Bakunahan. Binibigyang-pokus namin ang mga estratehiyang ginamit ng mga organisador upang (1) makapanghikayat ng mga boluntaryo; (2) mapaghugpong ang iba't ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng proyekto; (3) magsagawa ng sistema ng pagtatasa; at (4) makipag-alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon. Patunay lámang ang kasong ito na may kakayahan ang mamamayang mag-organisa sa panahon ng politikal at pangkalusugang krisis.

**Mga susing salita:** COVID-19; pagbabakuna; pag-oorganisa ng komunidad; pagpapaunlad ng pamayanan; pandemya

## ABSTRACT

*Under a government that responds to the COVID-19 pandemic as if in war, the Philippines witnessed one of the longest and most intense lockdowns in the world. Decisions on strategies are made from above and polices are imposed without consulting communities. In the face of the gaps of government response, people on the ground seized the opportunity to organize their own responses to the pandemic, including the Community Pantry, volunteer groups, and relief operations.*

*Another example of community organizing in the time of pandemic is the Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Besides the gaps in social welfare provisioning in communities, the country suffered a sluggish vaccine rollout. To respond to this, the UP community, led by the University of the Philippines and Local Government Unit of QC, organized the vaccination center that first targeted university staff and later expanded its scope to all Quezon City residents.*

*This article documents the emergence, operations, and development of the Bakunahan sa UP Diliman. The descriptive study is framed by what Angelito Manalili calls community organizing "by the people, for the people." Beyond surveying official documents from the project, we also draw from our praxical experience of organizing in the Bakunahan. We pay close attention to strategies taken by organizers to (1) enlist volunteers; (2) fuse different disciplines and knowledges in desiging the project; (3) devise a system of assessment; and (4) conduct alliance work with other communities and organizations. This case stands as evidence that communities see and realize the capacity of organizing themselves amidst the political and health crisis.*

## PANIMULA

Noong Marso 11, 2020, idineklara ng World Health Organization (WHO) ang pagsiklab ng novel coronavirus (SARS-CoV-2 o mas kilala bilang COVID-19) bilang isang pandemya. Simula noong Marso 15, inilagay ng administrasyon ni Rodrigo Roa Duterte ang National Capital Region (NCR) at kinalaunan buong bansa sa pabago-bágong digri ng *lockdown* na tinawag sa iba't ibang pangalan tulad ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) (Placido, Sonido at Bawagan 116-7). Sa mga ito, ipinagbabawal ang maramihang kumpulan ng tao at biyahe palabas o papasok ng mga lugar na pinatawan ng kwarantena sa kabila ng kakapusan ng ayuda (Bawagan, Hernandez, at Vallejos 31). Sa kumpas ni Duterte sa kaniyang talumpati noong Marso 16, 2020, dinagsa ng kapulisan ang mga lansangan upang ilunsad ang "digmaan" laban sa COVID-19 (Hapal 6).

Naging masigasig ang mga pagtatangkang makatuklas ng epektibong bakuna laban sa COVID-19 bago pa man sumapit ang pandemya (Kaur at Gupta 3; WHO, *Coronavirus* 1-2). Sa maraming dáko ng daigdig, nagsimula ang administrasyon ng bakuna noong Disyembre 2020 (Moghimi 898). Habang nilagdaan na ng pangulo ang Emergency Use Authorization para sa agarang pag-apruba ng Food and Drug Administration sa distribusyon ng bakuna, (Ranada w.p.) nagsimula lámang ang *rollout* nito noong Marso 2021, halos isang taon

magmula noong idineklara ang kauna-unahang ECQ (Cinco w.p.). Dagdag pa nina Guzman at Piedad, naantala na nga ang pagdating ng mga bakuna sa bansa, naging makupad pa ang programang pagbabakuna ng gobyerno dahil sa mga limitasyon sa pasilidad at mahinang *contact tracing* at *testing* (w.p.).

Tila kontra-agos sa maladigmaang lapit ng rehimen sa krisis, kinuha ng maraming komunidad at organisasyon ang oportunidad na mag-organisa ng sari-sarili nilang tugon sa pandemya tulad ng Community Pantry, volunteer groups, at relief operations. Dagdag pa rito ang Bakunahan sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, isang *vaccination center* na pinangunahan ng UP Diliman COVID-19 Task Force (Pig. 1). Nilayon ng proyektong nagsimula noong Abril 2021 na (1) mabakunahan ang mga kawani at manggagawa sa loob ng UP Diliman at (2) makatulong sa Lungsod Quezon sa pagbabakuna ng mga residente nito. Laking bigla ng mga organisador ng proyekto na nakapagpakilos ito ng maraming boluntaryo mula sa iba't ibang sektor, disiplina, at komunidad. Tagumpay ng Bakunahan ang pagturok ng 37,000 *dosages* bago ito magsara noong Disyembre 2021.




**Pigura 1.** Karatula sa labas ng Bakunahan sa UP Diliman. Ipinapakita nito ang apat na hakbang sa daloy ng pagbabakuna sa loob.

Karapat-dapat pag-aralan ang mga proseso't bunga ng Bakunahan upang mapalitaw ang mga epektibong praktika sa pagpapakilos at pag-oorganisa sa gitna ng krisis sa kalusugan at politika. Pinukaw na ng ilang tugon mula sa mamamayan ang interes ng mga mananaliksik tulad nina Placido, Sonido, at Taguiwalo na pinag-aralan ang Citizen's Urgent Response to End COVID-19 (116); Jimenez-Tan na itinalà ang pag-oorganisa't organikong pagtatanim ng mga magsasaka sa gitna ng pandemya (86); at Bawagan, Hernandez, at Vallejos na sinuri naman ang gawaing alyansa ng iba't ibang sektor ng UP Diliman (30). Sinusundan ng kasalukuyang papel ang naturan sa layuning isadokumento ang tugon ng mamamayan sa kakulangan ng serbisyong pampubliko sa gitna ng pandemyang COVID-19.

Ibinabalangkas ng aming pag-aaral ang Bakunahan bílang paraan at daluyan ng pag-oorganisang pampamayanan (*community organizing*). Sa partikular, isinusulong namin na ipinapamalas ng proyekto ang tipo ng pag-organisang tinatawag ni Angelito Manalili bilang "mula sa tao, para sa tao." Bukod pa sa paghalaw mula sa mga opisyal na dokumento ng proyekto, magmumula rin ang aming mga repleksiyon sa sariling karanasan bílang mga kalahok sa Bakunahan. Binibigyang-pokus namin ang mga istratehiyang ginamit ng mga organisador upang (1) makapanghikayat ng mga boluntaryo; (2) maipaghugpong ang iba't ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng proyekto; (3) magsagawa ng sistema ng pagtatasa; at (4) makipag-alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon.

## PAG-OORGANISANG PAMPAMAYANAN SA GITNA NG KRISIS

Sa pagpapalim ng ating pag-unawa sa Bakunahan, magiging produktibo ang dalumat ng pag-oorganisang pampamayanan na isinasagawa sa iba't ibang panahon, sidhi, lawak, at anyo. Ipinapalagay ng iskolar sa pagpapaunlad ng pamayanan na si Manalili na hindi ito nangangahulugan na walang alinmang porma ng organisasyon sa isang komunidad. Bagkus, "may mga pamayanang may mga samahán na. Ang kailangan na lámang ay ibayong palakasin pa ang mga ito" (65). Ang tungkulin ng isang organisador ay tumulong sa pagpapatibay ng estruktura, pamamahala, at kapasidad ng mga samaháng matagal nang nag-oorganisa ng kani-kanilang sarili (66). Kinikilala ng ganitong pagbabalangkas na ang "organisasyon" ay nagmumula sa mga tao at nagsisilbi pabalik sa mga tao sapagkat sila mismo ang bumubuo, nagpapaunlad, at nagsusustena ng kanilang samahán (67-8).

Sa maraming kaso, sumasanga ang samut-saring organisasyon at alyansa sa pagitan ng mga ito mula sa pagtutulungan ng mga miyembro ng komunidad upang tuparin ang mga pangangailangan at karapatan ng mga bulnerableng sektor (Jimenez-Tan 90). Maikokonsidera ang gayong kolaborasyon sa pagitan ng mga boluntaryo, organisasyon, at komunidad bilang anyo ng "*coproduction.*" Dinadalumat ni Elinor Ostrom ang *coproduction* bilang tuwirang pakikilahok ng mga "*lay actor*" o mamamayan sa pamamahala at paghubog ng pamayanan para sa kaniláng pakinabang (1073). Kalahok sa kolaborasyong *coproduction* ang mga mamamayan at samaháng kaniláng nabuo na mas malay sa tunay niláng kalagayan (Miao, Schwarz at Schwarz 1). Binibigyang-tuon ng naturan ang pangangailangang magsáma-sáma sa paglutas ng krisis buhat ng mga pagkukulang sa pampublikong serbisyo at di-pagkakaangkop ng mga polisiya sa materyal na kondisyon ng mga komunidad.

Bago pa man ang pandemyang COVID-19, masigasig na ang pagtutulungan at pag-oorganisa ng maraming komunidad (Hu 1375-7; Jimenez-Tan 90). Ngunit naiiba ang kasalukuyang krisis sa iba pa dahil sa tagal at saklaw ng epekto nito sa búhay ng mga tao. Ang pangunahing hakbang tungo sa pagsugpo ng pagkalat ng sakit ay paghihiwalay at pagdidistansya ng mga tao (Placido, Sonido, at Bawagan 118). Bagaman kinakailangan, hindi maikakaila ang pagkakawangis ng mga naturan sa bigwas ng awtoritaryanismo na unti-unting bumabángong muli sa iba't ibang dako ng daigdig bago pa man ang pandemya (Hu 1375; Kenny 701). Sa kabila ng limitasyon sa pagkilos sa parehong pisikal at politikal na antas, nagsumikap pa rin ang maraming progresibong organisasyon at komunidad mula sa mga batayang sektor sa *coproduction* sa gitna ng pandemya. Sa katunayan, masasabi pa ngang pinasidhi ng pisikal na pagkakahiwalay ang kamalayang kailangan nating magsáma-sáma at magtulungan (Placido, Sonido, at Taguiwalo 2021, 118). Sa maraming bansa, pinunan ng pagboboluntaryo ang malalaking patlang sa tugon ng kani-kanilang gobyerno (Hu 1376; Miao, Schwarz, at Schwarz 1-2). Sa Pilipinas naman, nanguna ang ilan sa pamamahagi ng batayang pangangailangan tulad ng pagkain at gamot, pagprodyus ng *personal protective equipment* (PPEs), at pagsilong sa mga nawalan ng tirahan (Jimenez-Tan 89). Anila Bawagan, Hernandez, at Vallejos, tunay na "hindi maisasantabi ang kontribusyon ng mga organisadong pamayanan sa kanilang pagbangon, na sinasabayan ng patuloy na pagpapataas ng antas [ng] kamalayan at kasanayan" (38).

Sa aming pagbabalangkas sa Bakunahan bílang anyo ng *coproduction* sa gitna ng pandemya, makatutulong ang iláng pamantayang isinusulong ni Manalili upang mapalitaw ang mga katangian ng proyekto bilang pag-oorganisang pampamayanan. Una, kinakailangan ng inoorganisang komunidad ng grupong kakatawan sa pag-oorganisa o isang grupong ubod (*core team*) (84). Isa sa mga tungkulin nilá ang paglikha ng mga estratehiya sa pagpaparami ng kasapi at pagtitiyak ng kaniláng komitment sa pag-oorganisa (87). Ikalawa, kinakailangang patatagin ang samahan sa pamamagitan ng patuloy na pagkatuto, pagtatasa, at pagpapaunlad ng kanilang gawain (90). Mangyayari lámang ito kung inaangkin ng samahán ang mismong organisasyon (88). Ikatlo, binibigyang-halaga ang pakikipagkapit-bisig sa iba pang mga organisasyon (94). Daluyan ito ng pagpapalitang-kuro hinggil sa mga istratehiya ng pagpapaunlad at pagtutulungan para sa kaunlaran ng mas nakararami.

Ginagabayan ng tatlong pamantayan (mula sa mangilan-ngilang inilalarawan ni Manalili) ang pagturing namin sa Bakunahan bílang

pag-oorganisang pampamayanan. Alinsunod sa balangkas ng "*people-oriented research,*" humahalaw kami sa mga dokumento, talâ, at maging repleksiyon ng mga naging kasapi ng proyekto. Kinikilala ng naturang oryentasyon ang kaalamang namumutawi sa praktika at tinig ng mga kalahok ng pag-oorganisa (Tungpalan at Bawagan 85). Binahagi ng mga boluntaryo ang kaniláng repleksiyon sa pamamagitan ng pormularyong onlayn na pinasagot noong Disyembre 2021 sa pagsasara ng Bakunahan. Upang tiyakin ang seguridad ng mga nagbahagi ng repleksiyon, tatawagin sila batay sa kategoryang kinabilangan nilá sa Bakunahan (Community Volunteer, IT [Information Technology] Volunteer, o Medical Volunteer). Hindi na winasto ang wika ng mga sumulat ng repleksiyon nang mapanatili ang kanilang tinig sa pagsipi.

Pinagtatambal din namin ang pananaw ng grupong ubod at mga boluntaryo ng Bakunahan sa aming sariling pagtingin sapagkat kami mismo'y naging bahagi nito. Nakikita namin ang "pagnanaroon" ("*being there*") bílang oportunidad para sa tinawag na "*praxical reasoning*" kung saan nabibigyang-kahulugan ang sinasaliksik mula sa perspektiba ng pakikisangkot, pagdawit, at praktika (Shank 33). Maituturing ito bílang metodo ng aksiyon-repleksiyon-aksiyon na kumakatawan sa diwa ng pagsasama-samang nasa ubod ng kaunlarang pampamayanan (Tungpalan at Bawagan 85-6).

## MILITARISTIKO AT MAKUPAD NA TUGON SA PANDEMYANG COVID-19

Sentro ng mga polisiya ng pambansang pamahalaan sa pagsugpo sa pandemyang ang persepsiyong isang hindi nakikitang "kaaway" ang COVID-19 at nararapat na maglunsad ng giyera laban dito. (Hapal 235). Pinoposisyon ng ganitong naratibo ang paglelehitimisa ng paggamit ng kapangyarihang mapanupil (227) na makikita sa mga pahayag at mismong ginamit na pamamaraan ng administrasyong Duterte laban sa COVID-19. Makikita na ito sa unang bahagi pa lámang ng pagtugon ng administrasyon sa pandemya. Ang pangunahing nagpapatupad ng kuwarantenas na isang medikal na hakbang para pigilan ang pagkalat ng sakit ay ang kapulisan ng bansa. Nagkalat sila sa mga mayoryang mga lagusan at daan gayundin sa mga siyudad at iba pang lugar sa bansa upang ipatupad ang *lockdown*. Maraming mamamayan ang hindi nakasusunod sa lockdown dulot ng iba't ibang dahilan. Ilan sa mga ito ay dahil masikip ang kaniláng mga bahay, mainit sa loob ng kaniláng mga tahanan at ang iba naman ay kailangan na dumiskarte ng pagkain sa labas. Ayon mismo sa datos ng Philippine National Police, mayroong 188, 348 ang nahúli mula Marso hanggang Mayo 2020 dahil lamang sa paglabag sa kuwarantenas o tinatawag na mga "*lockdown violators*" o "pasaway" ayon sa pamahalaan (Buan).

Nagpasinaya naman ng higit na paggamit ng dahas ang pahayag ni Pangulong Duterte noong Abril 1, 2020 na "shoot them dead," sa kaniyang impromptu *national address* (Tomacruz). Ang pahayag niyang ito ay naganap matapos hulihin ng mga pulis ang iláng mga residente ng Sitio San Roque sa Quezon City, isang lugar ng maralitang taga-lungsod, na nagprotesta para ipanawagan ang ayuda matapos ang iláng linggong ng lockdown at gutom. Samantala, isa naman sa tampok na kaso matapos ng pahayag na ito ni Pangulong Duterte ay ang kaso ng pagkamatay ni Winston Ragos. Si Ragos ay napagkamalan ng isang pulis sa lockdown checkpoint na tila may huhuguting baril sa kanyang bag. Dalawang beses na pinaputukan ng pulis si Ragos na ikinamatay niya noong araw ring iyon. Si Winston Ragos ay isang dáting sundalo at mayroong sakit sa pag-iisip, hindi siya nakaiinom ng kaniyang medikasyon dahil hindi nakabibili ng gamot dahil sa lockdown (Talabong).

Marami pang mga karahasan at paglabag sa karapatang pantao ang ginawa ng administrasyon kung kayâ ayon mismo sa paglalarawan ng UN High Commissioner for Human Rights na si Michelle Bachelet ay napakamilitaristiko ng tugon sa pandemya sa Pilipinas (UN News). Pinanatili niyang militaristiko ang tugon kahit napatunayan namang hindi ito epektibo dahil patuloy pa rin ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa (IBON).

Kung susuriin, hindi na bago ang ganitong pamamaraan ng ating gobyerno. Mahigpit na nakaugnay ang militaristikong tugon ng pamahalaan sa pandemya sa tugon nito sa iba pa nitong mga proyektong pangkaunlaran tulad ng "giyera" kontra droga; kontra terorismo na kinatampukan ng kontrobersyal na Anti- Terror Law; kontra korupsiyon; kontra-oligarkiya na nagtulak na ipasara ang pinakamalawak na media network sa bansa (Hapal 16). Nangangahulugan ito na tatak na ng

administrasyong Duterte ang militaristikong tugon sa lahat ng suliranin ng bayan.

Isa lámang ang lockdown ng administrasyon Duterte sa mga pamamaraan ng pambansang pamahalaan na hindi dumaan sa tamang konsultasyon mula sa mga eksperto't mamamayan. Tulad ng gawi sa pagtugon sa pandemya sa iba pang dako ng daigdig, nagmumula sa "itaas" ang mga desisyon sa makro-estratehiya at polisiya at ipinapataw ang mga ito nang may katiting na partisipasyon ng mga komunidad na tuwirang humaharap sa epekto ng krisis, tulad ng kawalan ng kabuhayan at kakapusan ng serbisyong pangkalusugan (Kenny 699; Miao, Schwarz at Schwarz 4). Inilarawan naman ng mga eksperto sa medikal, organisador ng komunidad, at akademya ang pamamaraan ng pagtugon ng gobyerno bílang "hindi sistematiko", "patse-patse", "puro coercion" at "sowing of fear" (Maru). Kapansin-pansin din na walang mga grupo ng siyentista, eksperto sa medikal, mga organisador sa komunidad, at mga social scientist sa binuong grupo para manguna sa pagsugpo sa pandemya. Bunga ng ganitong ilohikal at hindi siyentipikong pagtugon (IBON) ng gobyerno, maraming mga pagsisikap ang ginawa ng mga mamamayan tulad ng Community Pantry at iba pang relief efforts upang punan ang puwang sa COVID-19 response ng gobyerno ngunit sa kasamaang palad ay sinusupil din ito ng gobyerno (Hu 1835).

Ani Lasco, tinatabingan ng naturang pang-aabuso ng kapangyarihan ang iba pang mahahalagang tugon sa pandemya tulad ng *contact tracing, mass testing,* at maging pagbabakuna (9). Kaya naman matapos ang isang taóng pagbabakuna, nitong Marso 2022 lámang naabot ng Pilipinas ang target nitong 70% populasyon na bakunado para sa COVID-19. Nasa 74% pa lámang ang bakunado mula sa kategoryang A2 o mga Senior Citizens at nasa 10% pa lámang ng populasyon ang mayroong booster shots sa bansa (DOH). Napakabagal nito kung ikokompara sa mga bansa sa Kanluran na pang-ilang booster shots na ang nakuha ng kanilang mamamayan at ng mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asia na umabot na sa 80-90% ang bakunado sa kanilang populasyon (Chua). Lumitaw rin ang mga matatawag nating micropolicies na kaugnay ng bakuna. Kasáma na rito ang "no vax, no ride" policy na naging pahirap sa mga manggagawang umaasa sa pampublikong transportasyon. Sa halip na magbigay ng mga pag-aaral hinggil sa kahalagahan ng bakuna sa komunidad ay pinipili talaga ng gobyerno ang paggamit ng pananakot, pamimilit at dahas.

Ika nga ni Kenny, isang boluntaryo, mayroon táyong oportunidad na maningil ng isang kolaboratibo, demokratiko, at makatuwirang lipunan na tutunggali sa awtoritaryanismo ng mga gobyerno sa daigdig. Kayâ naman hindi nagpalimita ang mamamayan sa kabila ng kapos, militaristiko, at hindi konsultatibong tugon ng pambansang pamahalaan. Maraming mga inisyatiba ang iba't ibang mga pribadong indibidwal at grupo para punan ang kakulangan ng pambansang pamahalaan. Ang ilan sa mga ito ay ang mga pagkilos para manawagan ng ayuda, mass testing, at "solusyong medikal sa halip na militar". Ang ibang tugon naman ay sa pamamagitan ng mga pag-oorganisa ng mga inisyatibang magkakatulong sa kagyat sa mamamayan tulad ng relief operations, Community Pantry, at ang Bakunahan sa Diliman. Nangangahulugan na ang tugon ng mamamayan sa pandemya at sa militaristang pamahalaan ay magsáma-sáma at magtulungan.

## ANG BAKUNAHAN SA UP DILIMAN


Isa ang Bakunahan sa Diliman sa halimbawa ng matagumpay na tugon ng mamamayan katuwang ang suporta ng institusyon ng UP Diliman upang punan ang kakulungan ng tugon ng pambansang pamahalaan. Ipinamalas nito ang prinsipyo sa pampamayanang pag-oorganisang mula sa tao para sa tao mula sa pagtatayô hanggang sa pagpapagana nito.

Pinangunahan UP Diliman COVID-19 Task Force, ang grupong nagtitiyak ng mga polisiya at programa laban sa COVID-19 sa Diliman, ang pagbubuo ng Bakunan sa Diliman noong Abril 2021. Ito ay mayroong dalawang layunin:

- mabakunahan ang mga kawani at manggagawa sa loob ng UP Diliman at
- ikalawa ay makatulong sa Lungsod Quezon na mabakunahan ang mga residente sa mga barangay nito.

Nagsimula ang UP Diliman COVID-19 Task Force sa pagbubuo ng grupong ubod mula sa mga miyembro at indibidwal mula sa labas ng TF na siyang magdidisenyo ng pamamaraan at taktika sa pagpapagana ng Bakunahan.

Nagsimula ang serye ng pagpupulong mula Mayo hanggang Abril para ipirmi ang layunin ng Bakunahan, polisiya, mga health protocol sa loob at para isagawa ang koordinasyon sa lokal na pamahalaan ng Lungsod Quezon para sa suplay ng bakuna. Inihanda rin sa panahon na ito ang mga komite at susing tao para sa pagpapatupad ng mga gawain. Inihanda rin ang pisikal na lugar at lohistikal na pangangailangan para sa pagbubukás ng Bakunahan. Habang isinasagawa ang mga ito, sinimulan nang magpalista ng mga boluntaryo sa online (Pig 2).




**PIGURA 2**: Poster para manghikayat ng mga boluntaryo sa Bakunahan

Matapos maipirmi ang mga polisiya at proseso sa Bakunahan, ipinatawag na ang kauna-unahang oryentasyon ng mga boluntaryo via zoom. Nilamán ng oryentasyon ang mga layunin, proseso, protocols, at paglilinaw sa mga variant ng COVID-19 gayundin ang pagkakaiba ng mga bakuna laban sa COVID-19. Nakitang mahalaga ang mga diskusyon na ito upang maging armado ang mga boluntaryo ng batayang kaalaman lalo pa sa kontekstong maraming mga empleado at komunidad ang nag-aalangang magpabakuna. Sa mga oryentasyon din inuulit lagi na mahalaga ang kritikal na pananaw ng mga boluntaryo tungkol sa Bakunahan dahil dito umuunlad ang proseso ng Bakunahan (Natividad, 01:21:58).

Abril 26 nagbukás ang Bakunahan sa Diliman at ang unang binakunahan nito ay ang mga itinuturing nitong mga frontliner, ang higit 50 na boluntaryo nito. Nagkaroon ng briefing sa mga boluntaryo sa umpisa. Hinati ang mga boluntaryo sa kaniláng kategorya at nagkaroon muli ng maikling oryentasyon sa kanilá. Hinati sa dalawa ang grupo ng boluntaryo, ang unang grupo ang tumao sa Bakunahan samantalang ang ikalawang grupo naman ang babakunahan o vaccinee. Pagkatapos nito, nagkaroon agad ng feedbacking upang maibahagi ang karanasan sa pagbabakuna at pagpapabakuna. Ibinahagi ng mga boluntaryo ang kalakasan, at nagbigay ng suhestiyon para punan ang mga kahinaan sa proseso. Matapos nito ay nagpalit ang dalawang grupo, ang ikalawang grupo para tumao sa estasyon at ang unang grupo bílang babakunahan. Ang proseso na ito ay inulit hanggang sa susunod na mga batch ng boluntaryo sa Bakunahan. Naranasan muna niláng maging vaccinee bago maging boluntaryo.

Samantala, umabot sa mahigit isang libo ang nag-sign-up na boluntaryo para sa Bakunahan sa Diliman na binubuo ng mga empleado ng UP, estudyante, alumni, manininda at komunidad ng UP at hindi affiliated sa unibersidad na natin lámang tumulong sa Bakunahan (UPD COVID-19 Task Force 6). Tinataya na mayroong humigit-kumulang 500 boluntaryo ang aktibo sa Bakunahan sa Diliman na naghahalinhinan sa pagpapagana at paggampan ng gawain rito.

Nagsimula sa 100 hanggang 250 vaccinees ang kapasidad ng Bakunahan sa Diliman kada araw noong Abril. Tumaas ito ng 650 vaccinees kada araw noong buwan ng Hunyo. Pagpasok ng Hulyo, naitaas pa ito muli hanggang 1000 hanggang 1200 na vaccinees kada araw para mabigyang puwang ang isang bakuna na mayroong 1200 doses na kinakailangang maubos sa isang buong araw. Naisagawa

ang pagtaas na ito sa pamamagitan ng pag-streamline ng mga hakbang sa Bakunahan, pagdadagdag ng mga boluntaryo, pagpaparami ng vaccinees kada time slot at pagpapaikli ng transaksyon sa bawat estasyon sa Bakunahan (6). Sa panahon ding ito binago ang pisikal na disenyo ng Bakunahan para umayon sa pinaikling hakbang sa pagbabakuna. Ang pinakamataas na talâ na nabakunahan sa loob ng isang araw ay 1600 na vaccinees.

Nobyembre nagsimulang magbakuna para sa booster ang Bakunahan sa Diliman kasabay ng pagbabakuna sa 1st at 2nd dose sa mga hindi pa nababakunahan. At noong Disyembre 15 ay opisyal na nagsara ang Bakunahan sa Diliman dahil naabot na nito ang layunin nito na magbakuna ng kaniyang mga nasasakupan at makatulong sa lokal na pamahalaan ng QC na maabot ang herd immunity. Naabot na ng lungsod ang 70% ng populasyon nito.

Mula Abril hanggang Disyembre, nasa 37,072 ang nabakunahan sa Bakunahan sa Diliman. Nilampasan pa ng bakunahan ang tinakda nitong layunin dahil sa pagbabakuna ng mga bulnerableng sektor tulad ng homeless at biktima ng gender-based violence.

## BAKUNANG MULA SA TAO, PARA SA TAO

Nang mailarawan ang Bakunahan bílang paraan at daluyan ng pag-oorganisang pampamayanan, sinasalangguhitan namin ang apat na tabas ng proyekto: ang (1) panghihikayat ng mga boluntaryo at ang estruktura ng kaniláng pagkilos; (2) paghuhugpungan ng iba't ibang kaalaman at kasanayan sa disenyo ng Bakunahan; (2) pagtitiyak ng sistema ng pagtatasa upang mapaunlad ang proyekto at panghawakan ang pamumunò ng mga kalahok dito; at (4) gawaing alyansa sa iba pang komunidad at organisasyon. Batay sa mga dimensiyong ito, isinusulong namin ang Bakunahan bílang halimbawa ng pag-oorganisang "mula sa tao, para sa tao." Sa kasong ito, hindi inoorganisa ang mga tao. Bagkus, tinutulungan silang mag-organisa (Manalili 65). Sa katunayan, nagsisimula ang pagtulong sa mga mamamayan na makapag-organisa sa *mismong bakuna*. Dahil sa pagbabakuna ng mga boluntaryo a*t grupong ubod* ng proyekto, nabibigyan ang mga miyembro ng komunidad ng oportunidad na lumabas ng bahay at makipagtulungan sa iba pa.

*Estruktura ng Bakunahan*

Isa sa mahalagang salik sa tagumpay ng Bakunahan ang estrukturang nabuo sa loob nito. Ayon nga kay Manalili, ang estruktura sa organisasyon ang nagtitiyak na maging mahusay ang bahaginan ng gawain sa isang samahán. Nararapat na maging angkop ito sa masinop na pagsasakatuparan ng programa ng isang pagkilos (66, 92).

Mayroong core team o grupong ubod ang Bakunahan sa Diliman. Ang grupo na ito ay nagtitiyak ng iba't ibang linya ng gawain sa Bakunahan. Kasapi nito ang mga susing tao na para sa usaping medikal; namamahala ng bakunahan at tagapag-ugnay sa lokal na unit ng pamahalaan; tagapag-ugnay sa mga boluntaryo; tagapamahala na datos at IT; namumunò sa lohistikal; at seguridad.

Gumamit ng iba't ibang pamamaraan ang Bakunahan para makapanghikayat ng boluntaryo. Inisyal na nakipagtulungan ito sa mga grupong mayroong inisyatiba sa pagtulong sa pandemya tulad ng UP Diliman COVID-19 Response Volunteers at mga samahán tulad ng manininda. Nariyan din ang pamamaraang pagrerekomenda ng mga kakilala na puwedeng magboluntaryo sa Bakunahan. Ang isa pang pamamaraan na naging mabisa ay online sign up sheet na ipinaskil sa opisyal na FB Page ng Office of the Vice Chancellor for Community Affairs. Higit sanlibo ang nag-sign up sa Bakunahan sa Diliman kung kayâ kinailangan na i-phase ang pagboboluntaryo nila. Iniisa-isa rin ng grupong ubod ang listahan ng boluntaryo nang sa ganoon ay mabalanse ang bílang ng bawat kategorya ng boluntaryo ganoon din ang sektor na pinanggalingan para magkaroon ng balanse sa loob ng Bakunahan.

Naghanda ang grupong ubod ng pangkalahatan at partikular na oryentasyon para sa mga boluntaryo noong Mayo 2021. Ang partikular na mga oryentasyon ng bawat estasyon ay nagbabago dahil sa nagbabágong kalagayan. Isang halimbawa ng pagbabago rito ay ang pagkawala ng espesyal na espasyo ng mga Health Educator. Noong unang bahagi ng Bakunahan, malaki ang pangangailangan dito lalo na't maraming mga kawani at miyembro ng komunidad ang nagdadalawang-isip na pagpabakuna. Nakita ng Bakunahan ang pangangailangan para maglinaw kaugnay ng sakit na COVID-19 at ang bisa ng mga bakuna na mayroon sa bansa at sa Bakunahan. Pampataas ito ng kumpiyansa ng mga magpapabakuna at mga táong makasasalmuha

nila na ayaw pang magpabakuna. Noong kailangang i-streamline ang mga hakbang sa Bakunahan para ma-accommodate ang isang uri ng bakuna, kinailangan na ipaloob ang oryentasyon kaugnay ng COVID-19 at bakuna sa estasyon ng registration.

Ang lahat ng bagay sa Bakunahan ay mahalaga para makagana ito at makapagserbisyo nang maayos ngunit kinikilala ng kapuwa ng Unibersidad at ng grupong ubod nito na hindi tatakbo ang bakunahan kung wala ang mga boluntaryo (Bawagan, 2:22). Binubuo ang mga boluntaryo ng tatlong kategorya: ang Community Volunteer, IT Volunteer, at Medical Volunteer.

Sa Community Volunteer nanggagaling ang mga marsyal at mga edukador na nagbibigay ng oryentasyon at paglilinaw hinggil sa COVID-19, sa bakuna, at bisa ng bakuna base sa mga pag-aaral. Kinailangan ang bahagi na ito ng Bakunahan lalo na napansin ng Bakunahan sa Diliman na mayroong pag-aalangan ang mga empleado ng unibersidad at komunidad sa pagbabakuna. Ang IT Volunteer naman ang nangangalaga sa datos ng bakunahan. Sila rin ang nagpapaunlad ng sistemang IT; nagto-trouble shoot nito at nagtataya kung gaano kabilis dapat sa bawat estasyon sa bakunahan ang isang vaccinee. Ang ikatlo, ang Medical Volunteer naman ang nagtitiyak ng mga aspektong medikal. Binubuo ito ng mga doktor, nars, pharmacist, physical therapist, at iba pang may kinalaman sa propesyong medikal. Sila ang kumukuha ng vitals, nag-screen sa vaccinees at nagbibigay ng payong medikal kung kinakailangan sa loob ng Bakunahan.

Ang mga boluntaryo ay may kani-kaniyang estasyong pinapakatan. Hanggang maaari ay tinitiyak na sa isang estasyon lámang sila magboluntaryo nang sa ganoon ay nasusubaybayan nilá ang praktika sa estasyon at nakatutulong sa pag-unlad ng proseso sa estasyon na ito. Kaya naman nagkaroon ng antas ng masteri sa mga gawain ang mga regular na boluntaryo sa bawat estasyon.

Bagaman tinitiyak maigi ng Bakunahan ang mga health protocols para maproktektahan ang mga boluntaryo at vaccinees, hinihikayat pa ring pitóng araw lamang maaaring magboluntaryo sa Bakunahan nang sa ganoon ay mabawasan limitado eskposyur sa maraming tao. Ngunit marami sa mga boluntaryo ang lumampas sa pitong araw at naging regular na ngang boluntaryo sa Bakunahan. Ang mga regular na ito ang katuwang ng pagsasanay sa tuwing mayroong bágong boluntaryo sa Bakunahan. Mas epektibo ito dahil ang mga regular na boluntaryo sa mga estasyon ay may mga proseso at pamamaraan nang naestablisa para patakbuhin nang mahusay ang kanilang mga estasyon na maibabahagi nilá sa mga bágong boluntaryo. Makikita rito ang "ang proseso ng pag-oorganisa ng pamayanan ay proseso ng pag-angkin ng mga tao sa samaháng kaniláng itinatatag" at "napakahalagang madama ng bawat nahihikayat na may tungkulin siyang makilahok sa proseso ng tuloy-tuloy na panghihikayat ng iba pang makakasapi sa samahán." (Manalili 2013, 87)


Higit walumpu (80) ang bílang ng mga táong nagpapatakbo ng Bakunahan tuwing operasyon nito. Bukod sa tatlo hanggang limang (3-5) mula sa grupong ubod na nagto-trouble shoot sa mga sumusulpot na usapin sa paggana ng Bakunahan, pamalagiang mayroong labing-tatlong (13) SSB kasáma ang dalawang (2) pulis para sa seguridad/trapik sa labas ng Bakunahan. Samantalang lima hanggang anim (5-6) na katao naman ang kailangan para tugunan ang lohistikal na pangangailangan ng Bakunahan. Sa bawat estasyon, 4-6 ang kailangan sa Helpdesk. Nangangailangan naman ng sampung (10) IT boluntir at dalawang (2) marsyal para sa IT/Registration. Lima hanggang pitóng medical personnel at isang (1) marsyal ang kailangan para sa Screening. Anim hanggang pitóng vaccinators at apat na marsyal para sa estasyon ng vaccination. Pitó hanggang sampung (7-10) medical personnel, dalawang (2) IT/Discharge at limang (5) marsyal para sa Monitoring. Bukod sa mga ito, mayroong anim (6) na cleaners sa Bakunahan para magtiyak ng kalinisan at mag-disinfect sa Bakunahan. Kayâ naman ginigiit ng mga mananaliksik na ang Bakunahan sa Diliman ay pinatatakbo ng purong mga boluntaryo. Masasalamin ang pagtanggap na ito sa gawain sa tinuran ng isang boluntaryo, "*Sa aking pag volunteer, naramdaman kong may naitutulong ako, kahit kaunti, sa paglutas ng pandemic. Kahit may pangamba't takot, inisip ko, kung di ako tutulong, sino pa? Kaya't natutuwa akong nabigyan ako ng pagkakataong makapaglingkod. Kahit nakakapagod, di ko ito nararamdaman dahil masaya ako sa ginagawa ko.*"

*Disenyo ng Bakunahan*

Paliwanag ng isang IT Volunteer, "isang hindi malilimutan at kakaibang karanasan

ito ng bolunterismo kompara sa ordinaryong 'normal setting' na makatulong sa kapuwa, maging instrumentong mapatupad ang programa katuwang ang mga nagsáma sámang indibidwal." Siyang tunay, tasado ang mga pagsasanay na maaaring ibigay sa mga nag-oorganisa dahil sa limitadong mobilidad. Kung dati'y maraming pagkakataon upang matuto at magsanay ang mga tao sa iba't ibang gawain, hinihingi ng krisis ang pagpapamalas ng kakayahang nananalaytay na sa bawat isa. Kung gayon, nakabatay ang disenyo ng Bakunahan sa estruktura ng mga mamamayang nagtataguyod nito. Sa ibang salita, ang pisikal na kaayusan (*layout*) ng venyu ay nakalapat sa natatanging kakayahan ng mga boluntaryo.

Mayroong apat na hakbang sa loob ng Bakunahan sa UP Dilima (Pig. 3). Ang unang hakbang ay ang Registration. Dito matatagpuan ang mga estasyong Helpdesk, kung saan tinutulungan ng mga boluntaryo ang babakunáhan sa pagsasaayos ng mga dokumento; at Orientation, kung saan bibigyang-linaw ang mga epekto't benepisyo ng bakuna sa kalusugan. Sa bahaging ito rin pinapasinungalingan ang ilang disimpormasyon kaugnay ng bakuna. Screening ang ikalawang hakbang sa Bakunahan. Dito kinukuha ng mga boluntaryong manggagawang pangkalusugan ang *vital signs* ng babakunáhan upang matiyak kung handa ba ang kanilang katawan para sa bakuna. Vaccination naman ang ikatlong hakbang. Nakasalansan ang mga bakuna sa malalapit na pridyider para sa mas kagyat na akses. Pagkatapos nito, dumaraan sa hakbang na Monitrong ang mga pasyente upang maláman kung may saliwang epekto ba ang bakuna.




**Pigura 3.** Ang unang pisikal na kaayusan ng Bakunahan sa UP Diliman CHK. Mula sa UP Diliman COVID-19 Task Force.

Masasabing ang kaayusang ito ay bunga ng hugpungan ng samut-saring kaalaman at kasanayan. Mismong ang apat na hakbang sa pagbabakuna ay dinesenyo ng mga inhenyerong industriyal batay sa mga pag-aaral hinggil sa mahusay, mabilis, at ligtas na daloy ng tao sa gitna ng krisis pangkalusugan. Nakatulong naman ang mga siyentista sa kompyuter at IT sa paglikha ng isang natatanging *computer program* kung saan itinalâ ng mga Community Volunteer ang *biometrics* at *vital signs* ng bawat pasyente (Pig. 4). Tahasan nitong pinabilis ang koleksiyon ng datos kung ikokompara sa manwal na pagtatalâng ginagawa sa ibang *vaccination center*.

Nagtambal naman ang kakayahan ng mga propesyonal sa medisina at manunulat sa pagpapakinis ng iskrip na ginagamit sa estasyong Orientation. Nilayon ng kolaborasyong ito na mapanatag at mabigyan ng tamang impormasyon ang bawat pasyente. Sa partikular, batay na rin sa payo ng mga

boluntaryo mula sa larangan ng Araling Pilipino at Malikhaing Pagsulat, Nagdesisyon ang kawanihan ng Bakunahan na gamitin ang wikang Filipino bílang primaryang midyum ng komunikasyon sa pagitan ng mga boluntaryo at pasyente. Pinili ito sa halip na wikang Ingles (kung saan nakasulat ang orihinal na mga pormularyo mula sa DOH) sa paniniwalang ito ang pinakaaksesibleng wika para sa lahat ng maaaring maging pasyente ng Bakunahan, mula tsuper ng dyip hanggang fakulti. Alinsunod ito sa pagpapalagay na ang wikang Filipino ay "instrumental sa pagkakaisa at sa demokratisasyon" (Flores 26).

Naging malaki rin ang papel ng mga artista sa Sining Biswal. Gamit ang kaniláng kaalaman sa pinakamabisang disenyo ng impormasyon at komunikasyong biswal, tiniyak niláng madalíng makita at maunawaan ang mga karatulang gumagabay sa daloy ng tao sa Bakunahan. Ang mga boluntaryong may kasanayan sa paggamit ng mga aplikasyon sa kompyuter ay tumulong sa pagsasaayos ng iba pang datos para sa proyekto. Mayroon ding mga boluntaryong tumayông tsuper ng mga van kung sakaling mayroong kailangang dalhin sa ospital, at marsyal na umiikot-ikot upang tumutulong sa mga pasyenteng dumadaan sa Bakunahan.




**Figura 4.** Ginagamit ng mga IT Volunteer ang programang pinaunlad nila para sa Bakunahan upang matiyak ang pagtatalâ ng impormasyon ng mga pasyente.

Tulad ng sabi ni Manalili, sistematiko ang pag-oorganisa at hindi ito tanging nakasalalay sa grupong ubod (86). Bagkus, tulad ng sa kaso ng Bakunahan sa UP Diliman, susi ang kakayahan ng bawat miyembro ng komunidad. Ika nga ng isang medical volunteer, nakasalamuha niya "ang iba't ibang táong may iba't ibang dinadaanan, may iba't ibang pangangailangan, at may iba't ibang paraan para makatulong sa kapuwa ngayong pandemya." Namumutawi sa kaniyang repleksyon ang tinatawag nina Placido, Sonido, at Taguiwalo na "*multifold practice*" na tumatawid sa teknikal, intelektuwal, at maging akademikong gawain (119).

*Sistema ng pagtatasa at paglalagom*

Binibigyang-diin ni Manalili ang pagkakaroon ng sistema ng pagtatasa upang mapaunlad pa lalo ang mga hakbang na tinatahak ng mga nag-oorganisa (92). Sa kaso ng Bakunahan, mayroong dalawang pagkakataon—isa bago mag-umpisa ang pagbabakuna at isa pa pagkatapos—upang matiyak ang partisipasyon ng bawat boluntaryo sa pagpapaunlad ng operasyon ng proyekto. Sa mga sesyong ito, "nakakapagbigay ang volunteers ng mga mungkahi para mas mapabuti ang ating serbisyo" (UP COVID-19 Task Force 7).

Tuwing umaga, nagkakaroon ng *briefing session* ang mga boluntaryo na pinangangasiwaan ng grupong ubod (Pig. 5). Dito inaalam kung sino-sino ang magiging pasyente ng Bakunahan sa araw na iyon. Tinutukoy din ang mga patlang sa bawat estasyon at kung paano ito pupunan. Paminsan pa nga'y may mga boluntaryong sumasaklolo tuwing may kulang na kawani sa Bakunahan. Pagkilala ito na boluntaryo ang paglahok sa proyekto at hindi maiiwasan ang pag-*absent* ng iláng kalahok dahil sa págod, trabaho, o iba pang komitment.




**Pigura 5.** Pinangangasiwaan ni Dr. Dulce Natividad ang *briefing session* para sa kawanihan ng Bakunahan.

Tuwing hapon naman, nagkakaroon ng isang *debriefing session*. Dito isinasagawa ang pagtatasa ng mga nagawa sa buong araw ng operasyon. Pinagpupugayan ang pinakamahuhusay na praktika at tinutukoy ang mga kahinaang maaari pang paunlarin sa mga sumusunod na araw. Nagpapalitang-kuro din ang mga nag-oorganisa upang makapagpanday ng mga bágong praktika para sa mas mahusay pang pagmomobilisa ng tao. Sa pamamagitan din ng mga *debriefing session,* napaunlad ang disenyo ng Bakunahan sa pamamagitan ng samut-saring maliliit na pagwawasto sa daloy at mga proseso ng kabuoang operasyon. Halimbawa, inilipat ang *entrance* ng Bakunahan mula sa kaliwang lagusan ng UP CHK Gymnasium patungong kanan upang masilungan ang mga pumipilang pasiyente tuwing umaga't tanghali. Nakatutulong sa kabuoang pag-unlad ng proyekto ang tinig ng mga nagsasagawa ng praktika.

Namutawi sa repleksiyon ng isang Community Volunteer ang kanilang pag-angkin sa mga proseso ng Bakunahan: "Salamat din [...] sa laging pagko-konsulta at sa bukas na pagtanggap sa mga suhestyon at bagong ideya para mas lalo pang paunlarin ang pagpapatakbo ng bakunahan. Nakatataba ng puso na makita ang komunidad na sama-sama at nagtutulungan sa pagharap sa pandemya." Binibigyang-halaga sa Bakunahan ang tinig ng bawat isang kalahok nito mula sa iba't ibang sektor at kasanayan sa paniniwalang hindi maipapataw ng iisang eksperto ang pinakamahusay na pamantayan ng mga operasyon. Kinikilala ito mismo ng grupong ubod ng proyekto na nagsasabing maraming inobasyon sa kaayusan ng Bakunahan ang nagmula sa mga boluntaryo (UP COVID-19 Task Force 7).

Para kina Tungpalan at Bawagan, ang naturang pagkakataong makapagmungkahi't makapagdesisyon ay paraan din ng panghihikayat sa mga kalahok na maging aktibo (79). Bukod pa rito, nagsisimula sa ganitong gawi ang pag-angkin ng mga boluntaryo sa proyektong inoorganisa nilá. Lumilitaw rito ang pagpapalawak ng "kahulugan ng pamamahala bilang proseso at istratehiya ng pagpapaunlad ng pamayanan" (Awitan 8-9). Pahaláng ang pamumunò sa Bakunahan sapagkat nagmumula sa mga boluntaryo ang mga desisyon hinggil sa kaniláng pagkilos. Tungkulin naman ng grupong ubod ang pagtiyak sa implementasyon ng mga modipikasyong ito.

*Gawaing Alyansa*

Kritikal ang proseso ng aktibong pakikilahok ng mga lokal na samahán sa pagpapaunlad ng pamayanan (Awitan 17). Kayâ naman hindi lámang hugpungan ng samut-saring kaalaman at kasanayan ang naisagawa sa loob ng Bakunahan kundi nagkaroon din ng hugpungan ng iba't ibang perspektiba ng mga organisasyon at institusyon na naging bahagi nito. Nakatutulong ang hugpungang ito upang bumuo ng pangkalahatang pagtingin, pagbubuo ng desisyon sa gawain, mga pag-aaral upang higit na maunawaan ng mga tao ang sitwasyon at mga kinakailangang pang-indibidwal at pang-samaháng pagkilos (Bawagan, Hernandez, at Vallejos 51) na kinakailangan upang mas makapagsilbi sa malawak ang bakunahan. Ang mga ito ay makikita sa pagsisikap sa gawaing alyansa ng Bakunahan.

Naging katuwang ng Bakunahan ang UP Diliman COVID-19 Response Volunteers (UPD CRV) para sa pagpapakilos ng mga boluntaryo. Ang mga miyembro ng UPD CRV ay naging bahagi sa komite sa lohistikal at pagsasaayos ng pisikal na disenyo ng Bakunahan. Sila rin ang naging tulay upang maabot ang iba pang samahán sa UP Campus para magboluntaryo sa Bakunahan tulad ng Samahan ng Manininda sa UP Campus (SMUPC) at ang iláng miyembro ng Workers Alliance. Nakatulong ang mga samaháng ito hindi lámang para maging boluntaryo sa bakunahan kundi upang makapanghikayat rin na magpabakuna ang kaniláng mga kasamahán at kasektor laban sa COVID-19.

Mahalaga rin ang ugnayan at tulungán sa lokal na pamahalaan ng Quezon City na nagtiwala sa Bakunahan at nagbigay ng bakunang gagamitin. (Nemenzo 3:20). Gayundin ang mga pribadong kompanyang nakipagtulungan sa Bakunahan para mabakunahan ang kaniláng mga empleado at bílang pasasalamat ay nagbigay ng bakuna sa bakunahan.

Samantala, naging tulay naman ang Bakunahan katuwang ang konsorsyum (Pig. 6) ng United Nations Population Fund (UNFPA), World Health Organization (WHO), Department of Health (DOH), Coalition Against Trafficking in Women – Asia Pacific (CATWAP), Kariton Coalition, ang Arnold Janssen Kalinga Foundation, Samaritana Transformation Ministries, at Commission on Human Rights upang mabakunahan ang mga walang tirahan o homeless at mga survivor ng gender-based violence na mga taga-Maynila. Iba-iba ang naging papel ng mga samaháng bahagi ng tulungáng ito. Ang mga bakuna ay nagmula sa donasyon sa CATWAP, Kariton, Kalinga at Samaritana. Sila rin ang gumawa ng paraan upang mabigyan ng ayuda ang mga benepisyaryo kasabay ng kanilang pagbabakuna. At ang Bakunahan at mga boluntaryo nito ang nagbakuna sa mga tao.

Maraming palitan ng kaalaman at praktika ang naganap bago, habang, at pagkatapos ng pagbabakuna sa benepisyaryo ng konsorysum. Nagkaroon ng oryentasyon sa mga boluntaryo kaugnay ng sitwasyon ng mga benepisyaryo bago ang araw ng pagbabakuna. Natalakay ang batayang impormasyong kailangan ng mga boluntaryo, ang kaniláng mga tendensiya at pamamaraan paano ito mainam na pakitunguhan sa loob ng bakunahan. Pagkatapos ng pagbabakuna ay nagkaroon naman ng pagtatasa ang mga samahán upang matukoy ang magagandang praktika at ang mga praktikang kailangan pang paunlarin para sa pagbabalik ng mga benepisyaryo para sa kaniláng second dose.

Sa ganitong proseso, natututo at lumalawak ang pag-iisip ng mga boluntaryo kaugnay ng iba't ibang uri ng mga tao, ang kaniláng mga tendensiya na idinulot ng kaniláng mga praktikang sosyal at paano ito wastong pakikitunguhan. Ika nga ng isang boluntaryo, "*Naging isang malaking instrumento din po eto (Bakunahan) sa pagkakaroon ng bayanihan pagtutulungan mula sa ibat ibang sektor. Binigkis po nito ang buong kumunidad tungo sa pag unlad sama samang pagbangon mula sa Pandemyang eto.*" Maging ang grupong ubod at ang institusyon ng UP Diliman ay natuto rin nang malaki sa pagresponde sa pandemya na

hindi pa naranasan ng kahit na sino. Ayon kay Tsanselor Fidel Nemenzo, *"Ang gusto talaga namin ay isang multidisciplinary approach to Covid-19. And while responding to the situation, we were learning at the same time. Nakatulong kami pero marami kaming natutunan"* (2:14).



**PIGURA 6:** Retrato ng pagbabakuna sa mga benepisyaryo ng Konsorsyum kuha ni Jefferson Villacruz, UP DIO

## PAGLALAGOM

Ipinapalagay ng deskriptibong pag-aaral na ito ang kapasidad ng komunidad na mag-organisa ng sarili bílang tugon sa krisis. Hindi tulad ng tugon ng pamahalaan kung saan nagmumula sa itaas ang mga desisyon, pinangungunahan ng tao ang pagpapatakbo ng Bakunahan sa UP Diliman. Pinahahalagahan ang mga kakayahan, kasanayan, inisyatiba, at mungkahi ng mga boluntaryo mula umpisa hanggang dulo, na siya ring nagiging tuntungan ng (1) pag-unlad ng proseso sa loob ng Bakunahan, at (2) kaniláng pag-angkin sa mga proseso at bunga ng proyekto. Salungat sa pamumulis at pagdidisiplina ng estado at pagbabalangkas sa marami bílang "pasaway," (Hapal 1-2) pinalilitaw ng Bakunahan, bílang halimbawa ng marami pang inisiyatiba ng mamamayan sa gitna ng pandemya, ang pagnanais ng mga tao na paunlarin ang komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng lahat.

Idiniriin ng halimbawa ng Bakunahan ang halaga ng partisipasyon ng mga mamamayan sa mga programang pagpapaunlad. Iniigpawan nito ang pagyukod at pagiging pasibo ng tao sa harap ng mga polisiyang ipinapataw mula sa itaas (Tungpalan at Bawagan 79). Sabihin pa, hinahámon ng ganitong tipo ng pag-oorganisa sa gitna ng krisis ang sinasabi ni Della Porta na "*top down conception of charity or humanitarianism*" sa pamamagitan ng pagsasapraktika ng pagkakaisa sa kabila ng limitasyon sa mobilidad (356).

Bukod sa pagpapakita ng pagiging demokratiko nito sa pamamagitan ng paghihikayat ng partisipasyon ng lahat, bukás din ito sa lahat ng ideya at perspektiba na maaaring makatulong at mapagpaunlad ng proseso. Nakita ito sa pagbabago ng pamamaraan at pisikal na disenyo na bunga ng mga talakayan at pagtatasa ng Bakunahan. At huli, pinatunayan ng praktika ng Bakunahan ang pagiging people-led nito na makikita sa pangunguna ng mga boluntaryo sa pagpapatakbo nito. Ani nga ni Tsanselor Nemenzo, "It takes a community to vaccinate a community" (3:52). ◆

## MGA SANGGUNIAN


Africa, Sonny. "The unbelievable indiferrence of the Duterte administration." Ibon Foundation, 16 July 2020. https://www.ibon.org/the-unbelievable-indifference-of-the-duterte-administration/

Awitan, Wilfredo. "Agribista: Pag-oorganisa at kolektibong pamamahala sa agrikultura ng Molinete Farmers Association ng Laurel, Batangas." *Philippine Journal of Social Development*, tomo 10, blg. 1, 2018, mp. 5-19.

Bawagan, Aleli, Rose Angelie Hernandez, at Celeste F. Vallejos. "Sa Gitna ng Pandemya na COVID-19: Pagtugon ng mga Manininda, Tsuper, at Mamamayan ng Pook Malinis sa UP Diliman." *Philippine Journal of Social Development,* tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 30-58.

Chua, Yvonne. "IN NUMBERS: COVID-19 Vaccination in SouthEast Asia." Reporting Asean. https://www.reportingasean.net/in-numbers-covid-19-vaccination-in-southeast-asia/

Cinco, Maricar. "Vaccine delivery dry run goes well." *The Philippine Inquirer,* 10 Pebrero 2021, https://newsinfo.inquirer.net/1394139/vaccine-delivery-dry-run-goes-well.

Department of Health [DOH]. *National Covid-19 Vaccination Dashboard.* Department of Health, Marso 2022, https://doh.gov.ph/covid19-vaccination-dashboard

Della Porta, Donatella. "How progressive social movements can save democracy in pandemic times." *Interface: A Journal for and About Social Movements*, tomo 12, blg. 1, 2020. https://www.interfacejournal.net/wp-content/uploads/2020/07/Interface-12-1-Della-Porta.pdf.

Diliman Information Office. "Bakunahan Closing." Unpublished, 15 December 2021.

Guzman, Rosario at Maricar Piedad. "Mass vaccination PH: Throwing away our shots (Part One)." IBON Foundation, 15 Abril 2021. https://www.ibon.org/mass-vaccination-ph-throwing-away-our-shots/.

Hapal, Karl. "The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway." *Journal of Current Southeast Asian Affairs,* 2021, mp. 1-21. https://doi.org/10.1177/1868103421994261.

Hu, Ming. "Making the State's Volunteers in Contemporary China." *Voluntas: International Journal of Voluntary and Nonprofit Organizations,* tomo 37, 2021, mp. 1375-88.

Kaur, Simran Preet at Vandana Gupta. "COVID-19 Vaccine: A comprehensive status report." *Virus Research* 288 (2020): 1-12. https://doi.org/10.1016/j.virusres.2020.198114.

Kenny, Sue. "COVID-19 and community development." *Community Development Journal,* tomo 55, blg. 4, 2020, mp. 699-703.

Flores, Melania Lagahit. "Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya ng Wikang Pambansa/Filipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino,* tomo 2, blg. 1, 2015, mp. 10-39.

Lasco, Gideon. "Medical populism and the COVID-19 pandemic." *Global Public Health* (2020): 1-13. https://doi.org/10.1080/17441692.2020.1807581.

Manalili, Angelito. "Ang Proseso ng Pag-oorganisa ng Pamayanan na Mula sa Tao Para sa Tao." *Daluyan,* tomo 19, blg. 1, 2013, mp. 64-97.

Maru, Davinci. "'F as in falfak': PH gov't gets failing marks in COVID-19 response from these experts." ABS -CBN News, 22 July 2020. https://news.abs-cbn.com/news/07/22/20/f-as-in-falfak-ph-govt-gets-failing-marks-in-covid-19-response-from-these-experts

Miao, Qing, Susan Schwarz, at Gary Schwarz. "Responding to COVID-19: Community volunteerism and coproduction in China." *World Development,* tomo 137, 2020, mp. 1-6. https://doi.org/10.1016/j.worlddev.2020.105128.

Moghimi, S. Moein. "Allergic Reactions and Anaphylaxis to LNP-Based COVID-19 Vaccines." *Molecular therapy: the journal of the American Society of Gene Therapy,* tomo 29, blg. 3, 2021, mp. 898-900. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7862013/.

Ostrom, Elinor. "Crossing the great divide: Coproduction, synergy, and development." *World Development,* tomo 24, blg. 6, mp. 1073–87.

Pante, Michael. "Interdisciplinarity from Below." *Kritika Kultura,* tomo 33/34, blg. 1, 2019/2020, mp. 338-357.

Placido, Remvert Bryan, Louise Jashil Sonido, at Judy Taguiwalo. "Network Formation in the Time of the Pandemic: The Experience of the Citizen's Urgent Response to End COVID-19 (CURE COVID)." *Philippine Journal of Social Development,* tomo 14, blg. 1, 2021, mp. 116-146.

Ranada, Pia. "Duterte allows emergency use authorization for COVID-19 vaccines." *Rappler,* 2 Disyembre 2020, https://www.rappler.com/nation/duterte-allows-emergency-use-approval-for-covid-19-vaccines/.

Regidor, Anna. "UP helps consortium vaccinate the homeless." *Diliman Information Office,* 26 October 2021. https://upd.edu.ph/up-helps-consortium-vaccinate-the-homeless/

Shank, Gary. "Praxical Reasoning and the Logic of Field Research." Sa *The SAGE Handbook of Fieldwork,* pinamatnugutan nina Dick Hobbs at Richard Wright, University of California Press, 2006, mp. 23-36.

Talabong, Rambo. "Who is Winston Ragos, the former military man killed by police?" *Rappler,* 23 April 2020. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/258845-things-to-know-winston-ragos-former-soldier-killed-by-police/

Tomacruz, Sofia. "Doctors warn Duterte: PH 'nearning end of the line' in corona virus battle." *Rappler*, 2 August 2020. https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/doctors-warn-duterte-ph-nearing-end-of-the-line-coronavirus-battle/

Tomacruz, Sofia. "'Shoot them dead': Duterte orders troops to kill quarantine violators." *Rappler,* 1 April 2020. https://www.rappler.com/nation/256705-duterte-orders-troops-shoot-kill-coronavirus-quarantine-violators/

Tungpalan, Ma. Theresa V. at Aleli B. Bawagan. "Community Development Research: Emerging Concepts, Methods and Practices." *Philippine Journal of Social Development,* tomo 7, blg. 1, 2015, mp. 73-96.

UP Diliman COVID-19 Task Force. *Ulat sa Komunidad: Bakunahan sa Diliman.* Unibersidad ng Pilipinas Diliman COVID-19 Task Force, 2021.

World Health Organization [WHO]. *Coronavirus disease 2019 (COVID-19) Situation Report – 94*. World Health Organization, 2020, https://apps.who.int/iris/handle/10665/331865.

Si ROSE ANGELIE M. HERNANDEZ ay Instruktor sa Departamento ng Aralin sa Sining sa Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL), Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ang tumayông Coordinator ng UP Diliman COVID-19 Response Volunteers na nagwagi ng Gawad Tsanselor para sa Natatanging Lingkod Komunidad 2021. Siya ang naging Tagapag-ugnay ng mga boluntaryo sa Bakunahan sa UP Diliman. Miyembro ng Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy at All UP Academic Employees Union.

Si JOSE MONFRED C. SY ay katuwang na propesor ng Araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay tumanggap ng Master sa Arte (Araling Pilipino) at Batsilyer sa Arte (Comparative Literature), summa cum laude, mula sa parehong pamantasan. Kasalukuyan siyang Project Leader ng Program on Alternative Development ng UP Center for Integrative and Development Studies. Nailathala ang ilan sa kaniyang pag-aaral sa Ecologies in Southeast Asian Literatures: Histories, Myths and Societies (2019), Plants in Children's and Young Adult Literature (2021), Environment, Media, and Popular Culture in Southeast Asia (2022), at Authoritarian Disaster: The Duterte Regime and the Prospects for a Marcos Presidency (2023). Siya rin ay nagsusulat at nagsasalin ng mga aklat pambata. Kasapi siya ng Save Our Schools Network (SOS), Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND), at Alliance of Concerned Teachers (ACT).